



Tobias Read

Oregon Secretary of State

March 14, 2025

Mahal na [First name, Last name],

Natanggap mo ang liham na ito dahil nagkamali ang Serbisyo para sa Drayber at De-motor na Sasakyan ng Oregon (Oregon Driver and Motor Vehicle Services, DMV) sa pagrehistro sa iyo para makaboto sa Oregon. Sumulat ako upang ipaliwanag ang pagkakamali at para bigyang-diin na wala kang pananagutan sa pagkakamaling ito; Ito ay pagkakamali ng DMV.

Tanging mga mamamayan ng U.S. ang kwalipikadong bumoto sa Oregon. Sa ilalim ng batas ng Oregon, kapag ang isang mamamayan ng U.S. ay nakakuha ng lisensya sa pagmamaneho, kard ng drayber, o ID card sa pamamagitan ng DMV, awtomatiko silang irehistro ng aking tanggapan para makaboto sa Oregon. Ang isang tao ay walang pinupunan na hiwalay na form o aplikasyon; kung ayaw nilang magparehistro, kailangan nilang sumang-ayon na mag-opt out. Ngunit nagkamali ang DMV noong magbigay ito ng iyong lisensya o kard. Nagdagdag ang DMV ng maling code sa iyong file na nakasaad na isa kang mamamayan ng U.S. at kwalipikadong bumoto, kahit hindi naman sa pagkakakilanlan na ibinigay mo sa kanila.

Nauunawaan ko at ng DMV na hindi mo nilayong mag-rehistro para makaboto, hindi ka nagpanggap na kwalipikadong bumoto, at hindi ka nagbigay ng anumang pahayag ng pagkamamamayan ng U.S. Aakuin ng DMV nang buo ang lahat ng pananagutan hinggil sa pagkakamali. Kapwa kaming humihingi ng paumanhin para sa pagkakamaling ito at alam naming wala kang pananagutan sa pagkakamaling ito.

Kung hindi ka kwalipikadong bumoto, ipinaalam namin sa iyo na gumawa na kami ng mga hakbang para itama ang pagkakamaling ito. Sa ngayon, hindi aktibo ang iyong rehistrasyon sa ilalim ng Kasulatang Batas ng Oregon § 247.563(3) at ganap at awtomatikong kakanselahin ito sa 2028 kung wala kang gagawing karagdagang aksyon. Kung nais mong kanselahin nang mas maaga ang iyong rehistrasyon, makipag-ugnayan sa iyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#).

Kung isa kang mamamayan ng U.S. ngayon, maaari ka pa ring bumoto sa Oregon. Kung magiging mamamayan ka ng U.S. sa hinaharap, maaari ka pa ring bumoto nang panahong iyon. Hindi mababago ng pagkakamali ng DMV ang iyong pagiging kwalipikadong botante. Gayunpaman, dahil hindi aktibo ang iyong rehistrasyon, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa makipag-ugnayan ka sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county at ipakita na ikaw ay kwalipikadong bumoto. Dapat ay nakatanggap ka ng hiwalay na [liham](#) mula sa iyong county tungkol dito. Makipag-ugnayan sa iyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) kung hindi mo natanggap ang liham na iyon. Makikita ang

255 Capitol St NE, Ste 180
Salem, Oregon 97310

Information (503) 986-1523
oregon.sos@sos.oregon.gov

kumpletong listahan ng mga tanggapan para sa halalang pang-county sa <https://sos.oregon.gov/elections/Pages/countyofficials.aspx>

Ikinalulungkot namin ang pagkakamali. Mananatili ang liham na ito na permanenteng nasa file ng Kalihim ng Estado at makukuha kapag hiniling kung kailangan mo ng kopya para sa anumang dahilan, kabilang ang mga katwirang pang-imigrasyon. Maaari kang makipag-ugnayan sa aking tanggapan sa 1-866-673-VOTE (1-866-673-8683) o elections.sos@sos.oregon.gov.

Ang mga residente ng Oregon ay kwalipikado sa mga libreng serbisyong legal sa imigrasyon mula sa programa ng Oregon hinggil sa Representasyon para sa Lahat, ang Equity Corps of Oregon (ECO). Batid ng ECO ang isyung ito at handang magbigay ng pinabilis na pag-akses sa tulong-legal para sa mga taong nakatanggap ng liham na ito. Makipag-ugnayan sa ECO sa 1-888-274-7292 o puntahan ang kanilang webpage sa equitycorps.org.

Magpo-post ang aking tanggapan ng karagdagang impormasyon, mga sagot sa mga madalas itanong, at mga mapagkukunan kaugnay ng pagkakamali ng DMV sa www.oregonvotes.gov/dmv.

Taos-pusong sumasaiyo,



Tobias Read

Oregon Secretary of State

Tobias.Read@sos.oregon.gov

sos.oregon.gov



